Girl Guides of Canada
Guides du Canada

Phone: 416-487-5281
Fax: 416-487-5570
www.girlguides.ca

Naghahanap ba ng kasayahan, pagkakaibigan at kakaibang karanasan ang anak mong babae?

Ang Girl Guides of Canada – Guides du Canada ay maaaring may lugar para sa kanya! Nagdudulot kami ng ligtas na lugar sa batang babae at kababaihan na makaranas ng bago at kakaibang experiyensiya sa pamamagitan ng mapaghamong gawain. Lahat ng programa at gawain ay nasa ligtas na kapaligiran na may nangangasiwa. Ang mga batang babae, 5-17 taong gulang ay hinihikayat na sumali sa masayang gawain na ang hangarin ay lalong painamin ang kakayahang mamuno, pagtitiwala at pagpapasiya sa sarili. Ang mga programa't gawain ay ibinabagay sa bata upang pahintulutang magkaroon ng layang pumili kung saan siya maginhawa at ang mga magulang ay maaaring makipag-usap sa lider tungkol sa miting at programa ng grupong kinabibilangan ng anak nila.

Ang misyon ay tulungan ang mga batang babae at kababaihan na maging responsableng mamamayan na maaaring mamuno at maglingkod sa kapwa – pambayan, pambansa at pandaigdigan.

KASAYAHAN para sa batang babae!

Ang Guides Canada ay samahan para sa mga batang babae na pinangangasiwaan ng mga kababaihan na may Pusong Bata. Ang *Guiding* ay nagdudulot sa mga batang babae, kadalagahan at kababaihan-may anak o wala, ng pagkakataon o lugar upang magtawanan, magsaya kasama ang mga bago at dating kaibigan at makilahok sa iba't-ibang bagong karanasan.

Kaligtasan ang Pangunahing Tuntunin

Lahat ng kababaihang lider ay sinala sa pamamagitan ng malawakang pamamaraan, kasama na ang pagsisiyasat sa talaan ng pulis. Gayundin, lahat ng programa ay ligtas. Hinahayaan ang mga miyembrong batang babae na magampanan ang mga hamon at kakaibang experiensiya na sa akala nila ay hindi nila magagawa.

Baguhan sa Canada?

Ang Guides Canada ay binubuo ng maraming kultura, katulad ng bansang Canada kung saan, ang mga batang babae at kababaihan na may iba't-ibang nasyonalidad at kakayahan ay tinatanggap o hinihikayat na sumali. Ang Guides Canada ay nakikibagay, mapang-unawa at hayag na tumutulong sa pangangailangan ng anumang relihiyon o kultura. Ang pagsali sa Girl Guides ay isang mabuting paraan para sa mga bagong imigrante o Canadian na batang babae at kababaihan na maunawaan ang kulturang Canadian at para mapalagay ang loob nila sa kanilang bagong komunidad.

Sino ang mga Girl Guides?

Bilang miyembro ng Guides Canada, ikaw ay kabahagi ng pinakamalaking samahan para sa mga batang babae at kababaihan na may mahigit sa 160,000 miyembro – mahigit na 130,000 batang babae at mahigit na 28,000 kababaihan.

Ang Guides Canada ay parte ng *World Association for Girl Guides and Girl Scouts (WAGGGS)*-- ang pinakamalaking organisasyon ng batang babae at kababaihan sa mundo na may siyam na milyong miyembro sa 144 na bansa sa buong mundo.

Ilang bansang miyembro ng WAGGGS:

- **Hong Kong, Taiwan, Singapore –** Cantonese/ Mandarin
  www.wagggsworld.org/aroundtheworld/regions/wr_asia_pacific.html

- **Bangladesh, India, Nepal, Pakistan, Sri Lanka** – Punjabi
  www.wagggsworld.org/aroundtheworld/regions/wr_asia_pacific.html

- **Bahrain, Egypt, Jordan, Kuwait, Lebanon, Libya, Mauritiania, Oman, Qatar, Sudan, Tunusia, United Arab Emirates, Yemen -** Arabic
  www.wagggsworld.org/aroundtheworld/regions/wr_arab.html#02

Bakit sa Babae Lang?

Naniniwala kaming ang Girl Guides of Canada ay nagbibigay sa kababaihan ng bukod-tanging pagkakataon na yumabong ang kanilang pagtitiwala sa sarili at hamunin ang sarili sa ligtas, na pambabaeng kapaligiran. Ang aming mga programa ay sinadyang ginawa para sa kababaihan at pinangangasiwaan ng mga babae upang hikayatin silang tuparin ang mga bagong hamon na ikatatatag ng tiwala sa kanilang sarili, bagong kahusayan sa pamumumo at pagpapasya.

Layunin din naming makapagbigay ng oportunidad sa mga kababaihan na maging lider at ulirang halimbawa sa mga batang babae.

Programa para sa Batang Babae at Kadalagahan

Ang Guides Canada ay tumatanggap ng batang babae na 5 hanggang mahigit na 17 taong gulang bilang miyembro. Lahat ng programa ay pinangungunahan ng dalawang kababaihan. Maaari kang sumali kahit kalian.

Sparks – 5 at 6 na taong gulang
Para sa Pagkakaibigan at Kasayahan!

Ang grupong *Sparks* ay nagpupulong ng isang oras minsan sa isang linggo upang matuto kung papaano makipagkaibigan, maglaro at lumikha ng *crafts*. Sila ay sumasali sa iba't ibang panglabas na gawain, upang matuto na igalang at pangalagaan ang kapaligiran at pagyamanin ang pagmamahal sa kalikasan.

Brownies – 7 at 8 na taong gulang
Para sa Kasayahan at Kakaibang Karanasan!

Ang *Brownies* ay gumugugol ng halos 90 minuto, minsan sa isang linggo. Ang kanilang programa ay nauukol sa sari-saring gawain habang nagkakasayahan, pagkakaibigan, pagkakaisa at pagtutulungan. Patuloy na tinutuklas ng *Brownies* ang hiwaga ng kalikasan, paggalang at pagkalinga ng kanilang kapaligiran.

Guides – 9 hanggang 12 taong gulang
Para sa Kasayahan at Hamon!

Ang pangkat *Guides* ay nagpupulong ng halos dalawang oras , minsan sa isang linggo upang saliksikin ang pang-sariling hilig at palawakin ang pang-unawa sa kanilang komunidad, kapaligiran at kinabukasan. Ang mga *Guides* ay maaaring magkamit ng '*badges*' sa iba't ibang pang-sariling hilig gaya ng Pamimingwit (Sport Fishing), Pagsusulat (*Writing*) , Pag-aalaga ng Hayop (Pet Caring), Pagsasaayaw (*Dancing*) at marami pang iba.

Pagkakaisa at pamumuno ay hinihikayat sa pamamagitan ng masiglang laro at hamon. Ang *Guides* ay patuloy na sinasaliksik ang kalikasang Canadian sa pamamagitan ng iba't ibang gawaing pinagyayaman ang pagpapahalaga sa katauhan, kakayahan at pagsasarili.

Pathfinders – 12 hanggang 15 taong gulang
Para sa Kasayahan at Oportunidad

Ang grupong *Pathfinders*, kasama ng kanilang lider, ang siyang nagbabalak ng kanilang sariling programa, pati ang dalas at haba ng pagpupulong, gayundin ang balangkas ng kanilang gawain.

Ang programang Pathfinder ay binibuo ng 500 iba't ibang hamon, kaugnay ng bata't makabagong kababaihan, sa pitong "Sagisag"(*Emblems*): Laging Handa (*Be Prepared*), Pagkakampo (*Camping*), Komunidad (*Community*), Tahanan (*Home*), Pamumuno (*Leadership*), Panlabas na Kapaligiran (*Outdoors*) at Mundo (*World*), Ang maga hamon na ito'y nanghihimok sa kadalagahan na matuklasan ang kanilang pambihirang talino, pagyamanin ang tiwala sa sarili, at pagkalinga sa kaibigan at pamilya.

Mayroong pagkakataon ang mga Pathfinders na makamit ang Sagisag ng Relihiyon sa Buhay at pati na ang *Citizenship Certificate as a Pathfinder*.

Senior Branches – 15 hanggang 17 mahigit na taong gulang

Ang *Senior Branches* ay binubuo ng tatlong pangkat na maaaring pagpilian ng mga kadalagahan na gustong magpatuloy sa Girl Guides: May grupo ng *Cadets*, *Junior Leaders* at *Rangers*. Sila ay hinihikayat na pagyamanin ang kanilang pagsasarili sa pamamagitan ng paglalakbay, pagkakampo at proyektong paglilingkod.

Ang *Cadets* ay matututong maging lider sa iba't ibang sangay ng Girl Guides. Sila ay nagpupulong bilang isang grupo upang magbalak ng gawain at magpalitan ng kuru-kuro.

Ang *Junior Leaders* ay sinasanay na maging lider ng isang sangay ng Girl Guides. Sila ay nagpupulong na kabahagi ng mga namumuno upang magbalak ng gawain para sa grupo na kanilang pinamumunuan.

Ang mga *Rangers* ang nagbabalak at namumuno sa kanilang sariling gawain.

Scholarships

Ang Girl Guides of Canada ay naghahandog ng pagkakataon para sa mga miyembro na makatanggap ng pinansiyal na suporta habang nagsisikap mag-aral sa kolehiyo.

May dalawang uri ng *scholarships*, bawat isa ay $1,500. Ang *Girl Guides of Canada Scholarship* ay tulong sa sino mang miyembro na nag-aaral sa isang *Canadian post-secondary educational institution*. Ang *Roberta Bondar Scholarship* naman ay magagamit ng kahit na sinong miyembrong nagpapatuloy ng pag-aaral sa Agham, *Applied* Agham, Matematika o Teknolohiya.

Noong 2003, ang Guides Canada ay naggawad ng 13 *scholarships* --11 *Girl Guides of Canada scholarships* at 2 *Roberta Bondar Scholarships.*

i-Klik ito para sa karagdagang kaalaman (karugtong patungo sa Ingles sa pahina).

Pandaigdigang Paglalakbay

Ang mga miyembro ng Guides Canada ay mayroong kapanapanabik na oportunidad para makapaglakbay sa ibang bansa. Bawat taon, ang samahan ay nagbibigay ng pinansiyal na tulong para ipadala ang mga miyembrong bata at kababaihan sa aming *World Centres* .

Sa *World Centres*, ang mga bisita ay lumalahok sa mga programa, gawain at pakikipagtulungan sa lokal na komunidad upang ibahagi ang kanilang kultura at maranasan ang kanilang pamumuhay.

Ang Aming Mga *World Centres* ay ang sumusunod:

Our Chalet in Adelboden, Switzerland www.ourchalet.ch
Pax Lodge in London, England www.paxlodge.org
Our Cabana in Morelos, Mexico www.ourcabana.org
Sangam in Pune, India www.sangamwagggs.org.uk

i-Klik ito para sa karagdagang kaalaman (karugtong patungo sa Ingles sa pahina).

Nais Mo Bang Maging Volunteer?

Ang Girl Guides of Canada ay hindi lamang para sa batang babae at kadalagahan kundi para rin sa pangkalahatang kababaihan—may anak man o wala! Bilang Girl Guide *volunteer*, ikaw ay makakatulong sa mga batang babae at kadalagahan sa iyong komunidad upang maging masigasig na mamamayan.

Ikaw ay maaaring makapagbago ng buhay ng mga batang babae at kadalagahan, at magantimpalaan sa pamamagitan ng pagtulong sa kanila na tupdin ang mapaghamong gawain na hindi nila inaakalang kaya nila. Madadagdagan ang kaalaman mo sa pamamagitan ng pamumuno, paglalakbay at pakikisalimuha sa kapwa miyembro ng Girl Guides. Ikaw ay susuportahan ng samahan sa pamamagitan ng pagsasanay, pagpapayo, pagtuturo at mga komperensiya, habang ika'y nagkakaroon ng mga bagong kaibigan.

Katulad ng mga batang babae at kadalagahan, maaari kang sumali kahit kalian. Malugod ka naming tatanggapin ayon sa iyong kakayahan at panahon na maibibigay.

Bakit Kahanga-hanga ang Girl Guides?

Bilang isang batang babae, dalaga o nakatatandang babae na baguhan sa Canada, Ang Girl Guides ay naghahandog ng kasayahan, pagkakaibigan at oportunidad na matutunan ang mga bagong bagay at ekspiryensiya. Maaari kang sumali sa iba't-ibang gawain at programa, kahit kailan. Ang programa ng Girl Guides ay humihikayat sa mga kababaihan na hamunin ang sarili sa ligtas na kapaligiran. Ito ay sinadyang pang-babae lamang upang tulungan ang bawat kababaihan sa lahat ng edad na pagyamanin ang tiwala sa sarili, pagpapasya at kakayahan sa pamumuno.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Girl Guides of Canada, i-klik dito at malugod namin kayong ko-kontakin-- sa wikang Tagalog, kung ibig ninyo.

Girl Guides of Canada-Guides du Canada National Office, 50 Merton Street, Toronto ON, M4S 1A3